DepEd Regional Office No. 02
DOCS ID No: 090425002
Created by: Records
Date: 09/04/2025

Outlook

[UP LIKAS] Request for Endorsement/Advisory to Region II Schools for the 34th National Conference

From U.P. Lipunang Pangkasaysayan Externals <uplikasexternals@gmail.com>
Date Thu 9/4/2025 8:01 AM
To DEPED II CAGAYAN VALLEY <region2@deped.gov.ph>
Cc uplikas@gmail.com <uplikas@gmail.com>

DEPARTMENT OF EDUCATION
RECEIVED
DATE: 17 SEP 2025
TIME: 10:00
BY:
DIVISION OF NUEVA VIZCAYA

DEPED REGIONAL OFFICE 02
RECEIVED
DATE: 9-4-25
BY:
RECORDS SECTION

6 attachments (2 MB)
ANG UP LIKAS.pdf; [UP LIKAS] Tarong-KUMPE 2025 Daloy ng Programa.pdf; Program Proposal - 34th National Conference (UP LIKAS).pdf; UP LIKAS_Certificate of Registration_OSPA.pdf; [UP LIKAS] Tarong-KUMPE 2025 Konseptong Papel.pdf; UP LIKAS_DepEd Advisory For KUMPE 2025.pdf;

September 12, 2025

To: **ALL SCHOOLS DIVISION SUPERINTENDENTS**

For information, dissemination and appropriate action.

**BENJAMIN D. PARAGAS PhD, CESO III**
Director IV/ Regional Director

DEPED REGIONAL OFFICE 02
RELEASED
DATE: 09-16-2025
BY:
RECORDS SECTION

You don't often get email from uplikasexternals@gmail.com.

September 4, 2025

**BENJAMIN D. PARAGAS**
Regional Director
Department of Education Region II
Carig, Tuguegarao City, Cagayan

Greetings!

UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) is an academic organization of students in the University of the Philippines-Diliman that promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities.

One of the major endeavors of our organization is the annual National Conference of History Students. Last year, UP LIKAS successfully held its conference entitled ***Halin: Pagsasakasaysayan ng Diaspora at Pandarayuhang Pilipino.*** The conference discussed the concept of diaspora throughout Philippine history, from the period of antiquity until the present day. The two-day conference discussed topics that covered the history of Filipino migrants, seafarers, expatriates, exiles, and workers, and how their plight contributes to the development of Filipino nationalism and heritage.

This year, UP LIKAS will be holding its 34th National Conference entitled ***"Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino"*** and will be held on the 10th to 11th of November 2025 at the UP School of Statistics Auditorium, University of the Philippines Diliman, Quezon City, 8:00 AM – 5:00 PM. The theme of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding towards the history of the legal systems in the country and the development of the concept of justice. The 2-day conference will discuss the legal history of the Philippines, from its beginnings to the present, and how the understanding of justice as well as the legal systems in the country changed during the different periods. We are expecting around three hundred delegates in this year's conference.

In this regard, we humbly invite your office to take part in our activity wherein we aspire to gather over three hundred high school and college students and teachers all over the country. We would also like to seek support from your office in conducting this activity through the issuance of a **DepEd accreditation and regional memorandums**. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history.

**The registration fee for the 2-day conference is 750 pesos.** Attached to this e-mail is a formal letter of request for endorsement and the release of an advisory, as well as all other necessary supporting documents referring to the event. Should you have any inquiries, you may contact the undersigned through e-mail at uplikas@gmail.com and we will gladly discuss these matters with you personally. With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history by collaborating with your advocacy.

We look forward to your most affirmative response no later than **October 3, 2025.** Thank you very much!

Respectfully,

**Audrey Zazel Espeso**
Vice-Chairperson for External Affairs

**John Immanuel P. Advincula**
President

| MEMORANDUM | Date: 09-18-25 | Released (Records): |
|---|---|---|
| To: | (✓) PSDS/DICs | (✓) Elem/Sec School Heads |
| | ( ) Private Schools | ( ) Others: |
| For: | (✓) Information | (✓) Dissemination |
| | ( ) Guidance | ( ) Strict Compliance |
| ORLANDO E. MANUEL PhD., CESO V, Schools Division Superintendent | | Signature: |
| By: ASDS, CID Chief, SGOD Chief, AO, ✓ Atty. | | |

**Ang UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)**

Ang U.P. Lipunang Pangkasaysayan (U.P. LIKAS) ay isang akademikong organisasyon na muling itinatag noong 1988 na nag -aadhikang mapagbuklod ang mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan; mapalawak at mapalaganap ang kaalaman at kamalayang pangkasaysayan; mapaunlad ang disiplina ng kasaysayan; at higit sa lahat, mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa pamamagitan ng "isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan" at pagpupunyagi para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan.

Nadalumat ng U.P. LIKAS ang mga adhikaing ito sa pagtunton sa sariling kasaysayan nito — kasaysayang hindi nagsisimula noong 1988 lamang kundi nag-uugat sa mga naunang organisasyong pangkasaysaysan sa Unibersidad ng Pilipinas (U.P.). Noon pa man, may mga itinatag nang organisasyon ng mga mag-aaral na nagpapakadalubhasa, may hilig at interes sa kasaysayan gaya ng U.P. History Club (1912-Dekada '30); Clio Recognition Society (Dekada '30-'60); U.P. History Club (Dekada '60) at Clio (1970). Naging abala ang mga organisasyong ito sa pagtataguyod ng mga gawaing akademiko na tulad ng lakbay-aral, panggrupong talakayan, lektura-panayam, seminar, simposyum at marami pang iba.

Sa paglaganap ng kamalayang makabayan sa "panahon ng sigwa," unang itinatag ang U.P. LIKAS noong 1971. Sa pamumuno ni Michael Gonzales, unang Pangulo ng U.P. LIKAS, naging hitik sa pakikilahok ang organisasyon sa mga isyu't usaping panlipunan upang maitaguyod ang panlipunang katwiran at kaunlaran. Subalit nang pairalin ang Batas Militar noong 1972, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga ipinagbawal na organisasyong sa U.P. Magkaganito man, bagamat maikling panahon lamang namayagpag ang unang U.P. LIKAS, naging makabuluhan naman ang naging paglahok nito sa samu't saring pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Noong 1973, nang pinahintulutan na muli ang pagkakaroon ng mga samahan sa U.P. sa kondisyong hindi ito "subersibo," isa ang U.P. LIKAS sa pinayagang maitatag muli. Isinakatuparan ang pagbubuong muli ng organisasyon sa pamamagitan ng masigasig na kolektibong pamunuan na kinatawan ni Nilo Ocampo. Muling sumabak ang organisasyon sa pagsasagawa ng mga makabuluhang gawain. Sa mga unang taon nito, binigyang-diin ang mga

gawaing akademiko. Naging tunguhin ng organisasyon ang pagaambag sa kaalaman at kamalayang pangkasaysayan. Nagtaguyod ang organisasyon ng iba't ibang talakayan at simposyum. Naglabas din ito ng opisyal na pahayagan na pinangalanang ang Likas. At higit sa lahat, naglathala ito ng natatanging dyornal pangkasaysayan, ang LIKAS, noong Disyembre 1976 na alay kay William Vincent "Billy" Acuña Begg, bayaning Likasyan na "nagbubo ng dugo para sa isang maaliwalas na kasaysayan ng sambayanan."

Sa mga tagumpay na ito, hindi nangahulugang nalimita ang organisasyon sa mga isyu't usaping akademiko. Patuloy ang masigasig na pakikilahok ng organisasyon sa mga pagkilos para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo. Itinanghal ang kalayaang akademiko at kapangyarihan ng mag-aaral, kabilang ang U.P. LIKAS sa mga nakipaglaban para maibalik ang University Student Council (USC). Naging masigasig din ang organisasyon sa mga pagkilos laban sa mga mapaniil na patakaran ng pamahalaan sa ilalim ng Batas Militar. Sa muling paglaho ng organisasyon noong 1980 dahil sa kawalan ng kasapian at pamunuan, ilan sa mga kasapi nito ang aktibo sa kilusang makabayan at sandatahang pakikibaka. Bagamat mayroon pa ring ilang grupong bumuo ng mga organisasyon ng mga mag-aaral sa kasaysayan tulad ng U.P. History Society (HistSoc) noong 1981-1986, masasabing hindi ito nagkaroon ng malawak at malalim na pananaw pangkasaysayan.

Marahil itinakdang magkaroon ng organisasyong pangkasaysayan ang mga mag-aaral ng U.P. sa panahon ng pag-unlad ng "bagong kasaysayan," kung kaya't noong Ikalawang Semestre ng Akademikong Taon 1987-1988, sa pangunguna nina Myra Angeli Gallardo at Elsie Ramos, muling binuhay ang U.P. LIKAS. Sa pamamagitan ng 14 na katao na nagsilbing lupong ad hoc, itinatag ang U.P. LIKAS sa U.P. Faculty Center 2016. Si Ferdinand Llanes ang hinirang na unang Tagapangulo ng muling itinatag na organisasyon. Inilunsad ang organisasyon noong 13 Enero 1988. Kabilang sa mga unang kasapi sina Daisy Apolonio, Patricia Aquino, Enrico Azicate, Ferdinand Conel, Jose Antonio Custodio, Myra Angeli Gallardo, Ferdinand Llanes, Khadija Rosarita Mamorno, Roberto Mata, Patricia Mercado, Pamela Portugal, Rowena Quinto, Elsie Ramos at Ma. Cecilia Samonte. Naging unang Gurong Tagapayo sina Dante Ambrosio at Nilo Ocampo. Pagkatapos ng paglulunsad, pagpursige na ang organisasyon na "pumusisyon sa hanay ng mga mag-aaral at sa buong pamantasan bilang isang organisasyong may mabisang kakayahan na makibahagi sa pagtatadhana ng kabuuang hugis ng kolektibong pamumuhay at galaw sa pamantasan." Kumilos ito tungo sa ikatataguyod ng dakilang adhikaing

mapaglingkuran ang mga mag-aaral ng pamantasan at sambayanang Pilipino sa diwa ng panlipunang pagbabago at pagbubuo.

Malayo na rin ang narating ng U.P. LIKAS matapos ang humigit na dalawampung taon mula nang muling itatag ito. Naging matapat at matatag ang organisasyon sa mga adhikain nito na makikita sa mga naging gawain nito sa nakalipas na mga taon. Nagdaos ang organisasyon ng mga exhibit, lakbay-aral, pagpapalabas-pelikula, panggrupong talakayan, lekturapanayam, seminar, simposyum at palihan. Nakipagbuklod din ang U.P. LIKAS sa iba't ibang institusyon na gaya ng U.P. Departamento ng Kasaysayan, College of Social Sciences and Philosophy (CSSP) at buong U.P. na makikita sa paglahok ng U.P. LIKAS sa Linggo ng Kasaysayan, Kapistahang Asyano, CSSP Organizations Fair (OrgFair), CSSP Week, Lantern Parade, at Alternative Classroom Learning Experience (ACLE). Maraming kasapi na rin ang naging bahagi ng at nanguna sa University Student Council (USC), CSSP Student Council, at ang opisyal na sulat-balitaang pangmag-aaral ng CSSP na SINAG. Patuloy ring nagiging aktibo ang LIKAS bilang bahagi ng Buklod CSSP, UP Alyansa ng mga Mag-aaral para sa Panlipunang Katwiran at Kaunlaran (ALYANSA); gayundin sa CSSP Academic Circle (AcadCircle). Nakikipag-ugnayan rin ang LIKAS sa mga kapwa organisasyong pangkasaysayan bilang tagapagtatag ng Alyansa ng mga pang-Kasaysayang Organisasyong Pang-mag-aaral sa Pilipinas (ANGKOPP) at kasapi ng Local Historical Committees Network (LHCN).

Nakipagbuklod din ang organisasyon sa iba pang pampamantasan at pambansang institusyon at organisasyon tulad ng U.P. Lupon sa Sentenaryo, U.P. Office for Initiatives in Culture and the Arts (OICA), Asosasyon ng mga Dalubhasa, may Hilig at Interes sa Kasaysayan ng Pilipinas (ADHIKA ng Pilipi- nas), Bagong Kasaysayan/Bahay-Saliksikan sa Kasaysayan (BAKAS), Kaisahan para sa Kamalayan sa Kasaysayan (KAMALAYSAYAN), National Historical Institute (NHI) at National Commission for Culture and the Arts (NCCA).

Nagtaguyod din ang U.P. LIKAS ng mga gawaing sibiko gaya ng pakikipagtulungan sa Gawad Kalinga at programang "Gib Lab" na naglalayong paligayahin at paglingkuran ang mga kapus-palad lalo na tuwing Kapaskuhan.

Naglathala na rin ang organisasyon ng mga aklat na kinabibilangan ng Paksa, Paraan at Pananaw sa Kasaysayan (1992) na pinamatnugutan nina Ma. Bernadette Abrera at Dedina Lapar at Wika, Panitikan, Sining at Himagsikan (1998) na pinamatnugutan naman nina Atoy Navarro at Raymund Arthur Abejo. Noong Enero 2008, inilathala ang Kaalaman at Pamamaraan sa Pagtuturo ng Kasaysayan na pinamatnugutan nina Atoy Navarro, Alvin Campomanes at John Lee Candelaria. Noong Agosto 2012 naman inilunsad ang Kasaysayang Pampook: Pananaw, Pananaliksik, Pagtuturo na pinamutnugutan nina Atoy Navarro, Ma. Florina Orillos-Juan, Janet Reguindin, at Adonis Elumbre.

Higit sa lahat, nagtaguyod na ang U.P. LIKAS ng mga malawakang pambansang kumperensya na dinaluhan ng mga mag-aaral ng kasaysayan mula sa iba't ibang paaralan, kolehiyo at pamantasan sa iba't ibang panig ng Pilipinas bukod pa sa paglahok ang organisasyon sa samu't saring makabayang pagkilos ng kabataan at sambayanang Pilipino para sa panlipunang pagbabago at pagbubuo ng Inang Bayan, bansa at sambayanan. Tunay na masasabing patuloy na umuunlad ang U.P. LIKAS "tungo sa isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan."

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon

**Ika-34 Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino**
**Ika-10 at 11 ng Nobyembre 2025 | UP School of Statistics Auditorium**

## DALOY NG PROGRAMA*

| UNANG ARAW (NOBYEMBRE 10) | |
|---|---|
| **Sesyon sa Umaga** | |
| 7:00 n.u. - 7:30 n.u. | Ingress |
| 7:30 n.u. - 8:30 n.u. | Pagpapatala |
| 8:30 n.u. - 9:30 n.u. | Seremonya ng Pagbubukas<br><br>Pambansang Awit<br>Panimulang Mensahe mula sa Dekana ng Kolehiyo<br>Mensahe mula sa Tagapangulo ng Departamento<br>Mensahe mula sa Gurong Tagapayo ng UP Lipunang Pangkasaysayan<br>**Mensahe mula sa Panauhing Pandangal**<br>• **Cong. Chel Diokno**<br>Paglalahad ng Layunin ng Kumperensiya<br>Pagpapalawig ng Tema<br>Pagtatanghal Kultural |
| 9:30 n.u. - 10:00 n.u. | Merienda/Paghahanda para sa pagsisimula |
| 10:00 n.u. - 11:00 n.u. | ***Susing Pananalita:* Ang Ugnayan ng Kasaysayan at Batas ng Pilipinas**<br>• Dean Myra Angeli Gallardo-Batungbakal |
| 11:00 n.u. - 12:00 n.h. | Tanghalian |

| | |
|---|---|
| **Sesyon sa Hapon** | |
| **PANEL 1: Mga Pamanang Kolonyal** | |
| 12:00 n.h. - 12:30 n.h | **The Punishment of Crime in the Philippines, 16 to 19th Century**<br>• Prop. Aaron Mallari |
| 12:30 n.h. - 1:00 n.h. | **Prosecuting the "Criminals": "Undesirable" Chinese and Court System in the Nineteenth-century Philippines**<br>• Prop. Jely Galang |
| 1:00 n.h. - 1:30 n.h. | **On American Colonial Laws**<br>• Dean Severo Madrona Jr. |
| 1:30 n.h. - 2:00 n.h. | Malayang Talakayan |
| **PANEL 2: Paggawa ng Konstitusyon** | |
| 2:00 n.h. - 2:30 n.h. | **On Women Collaborators during WW2**<br>• Prop. Ma. Florina Orillos-Juan |
| 2:30 n.h. - 3:00 n.h. | **The Dynamics of Constitution-Making: The 1971 Constitutional Convention**<br>• G. Wogie Pacala |
| 3:00 n.h. - 3:30 n.h. | **The Power of Impeachment in the Chronology of the 1987 Philippine Constitution**<br>• Prop. Jean Encinas-Franco |
| 3:30 - 4:00 n.h. | Malayang Talakayan |
| 4:00 n.h - 5:00 n.h. | Pansamantalang Pagsasara ng Kumperensiya<br><br>Egress |

| PANGALAWANG ARAW (NOBYEMBRE 11) | |
|---|---|
| **Sesyon sa Umaga** | |
| 7:00 n.u. - 7:30 n.u. | Ingress |
| 7:30 n.u. - 8:00 n.u. | Pagpapatala |
| 8:00 n.u. - 8:30 n.u. | Muling Pagbubukas ng Kumperensya |
| 8:30 n.u. - 9:30 n.u. | ***Susing Pananalita*: On Constitutional History OR Philippine Commitment to International Justice**<br>• Prop. Raul Pangalanan |
| 9:30 n.u. - 10:00 n.u. | Merienda |
| **PANEL 3: Legal na Representasyon ng mga Sektoral na Grupo sa Pilipinas** | |
| 10:00 n.u. - 10:20 n.u. | **On the Historical Evolution of Muslim Laws**<br>• Prop. Ayshia Kunting |
| 10:20 - n.u. - 10:40 n.u. | **Constitutional Rights, Crimes and Cruelty: The Filipino Woman in Selected Laws and Jurisprudence from the Third Republic to the Present**<br>• Prop. Valerie May Cruz-Claudio |
| 10:40 n.u. - 11:00 n.u. | **On Comfort Women during World War 2**<br>• Prop. Ma. Rita Lourdes-Alfaro |
| 11:00 n.u. - 11:20 n.u. | **Legal Codification of Family-Related Filipino Proverbs (Salawikain) in the Civil Code of the Philippines, 1947-1949**<br>• Prop. Lorenz Timothy Barco Ranera |
| 11:20 n.u. - 11:45 n.u. | Malayang Talakayan |
| 11:45 n.u. - 1:00 n.h. | Tanghalian |

| Sesyon sa Hapon | |
|---|---|
| **PANEL 4: Batas at Karapatang Pantao** | |
| 1:00 n.h. - 1:30 n.h. | **Examining Killings under the Marcos Dictatorship: Case Studies from Samar**<br>• Prop. Aaron Viernes |
| 1:30 n.h. - 2:00 n.h. | **Navigating the Signs of the Times: The Beginnings of Prophetic Visions and Landscapes of Resistance among Progressive Christian Human Rights Defenders against the Marcos Dictatorship (1974-1977)**<br>• G. Jess Immanuel Espina |
| 2:00 n.h. - 2:30 n.h. | **Surviving Obscurity – An Inquiry on the Malisbong Massacre**<br>• G. Lorenzo Jose Martinez |
| 2:30 n.h. - 3:00 n.h. | Malayang Talakayan |
| **PANEL 5: Kontemporaryo at Internasyonal na Legal na Isyu** | |
| 3:00 n.h. - 3:30 n.h. | **Deciphering Duterte's Foreign Policy on the South China Sea**<br>• Prop. Jay Batongbacal |
| 3:30 n.h. - 4:00 n.h. | **United Nations Partition Plan for Palestine (1947) which established the State of Israel**<br>• Hon. Marciano de Borja |
| 4:00 - 4:30 n.h. | Malayang Talakayan |
| 4:30 n.h - 5:00 n.h. | Panapos na Pananalita at Pagsasara ng Kumperensiya<br><br>Egress |

**Maaari pang magbago ang ilang detalye sa mga tagapagsalita sa Kumpe 2025.*

**ANNEX 2**

## ENTITY PROFILE/GENERAL INFORMATION SHEET

1. Name of Company/Association/Institution/Organization:

UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)

2. Office Address:

Palma Hall, Roxas Avenue, University of the Philippines-Diliman, Quezon City

| 3. Contact Person/s: | 4. Designation/Position: |
|---|---|
| John Immanuel P. Advincula<br>Audrey Zazel C. Espeso | Tagapangulo<br>Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| a. Contact No/s.: | b. Mobile Phone No/s.: |
| 0926 410 5004<br>0945 372 4494 | 0926 410 5004<br>0945 372 4494 |

| | |
|---|---|
| 5. Email Address/es: | uplikas@gmail.com or uplikasexternals@gmail.com |
| 6. URL/Website: | N/A |
| 7. Social Media Account/s: (Facebook, Twitter, among others) | http://www.facebook.com/uplikas ; http://www.twitter.com/uplikas ; http://www.instagram.com/uplikas |

8. Nature of the Company/Association/Institution/Organization (Narrative Description):

UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS) is an academic organization of students based in the University of the Philippines-Diliman that promotes critical thinking in the study of history as well as greater awareness of Filipino culture and society.

9. Mission:

The primary goal of the organization is to forward a critical and a more meaningful and relevant study of history.

10. Vision:

As an academic organization, it aims to spearhead lecture series, conferences, seminar-workshops, symposiums, and all other related academic gatherings. It is our commitment to bring the organization to a higher sense of scholarly involvement that shall embody the organization's principle to promote historical consciousness not only to the U.P. community but also to the Filipino people.

11. Accreditation/Certificates/Permits (Enclosed copy/ies):

- ☐ Certificate of Accreditation from the Philippine Regulation Commission (PRC)
- ☐ Civil Service Commission (CSC) Institute Accreditation Certificate
- ☑ Certificate of Permit from the Dean or Head of Student Affairs Office
- ☐ Movie and Television Review and Classification Board (MTRCB)
- ☐ Securities and Exchange Commission (SEC) Registration
- ☐ Department of Trade and Industry (DTI) Business Certificate
- ☐ Republic Act (RA) Number and Content if government agency/institution

Learning and Development Plan for the Participants Continuous Programs, Activities and Projects (PAPs)
(See enclosed format)

**ANNEX 3**

## UP Lipunang Pangkasayayan (UP LIKAS)

### LEARNING AND DEVELOPMENT PLAN FOR THE PARTICIPANTS CONTINUOUS PROGRAMS, ACTIVITIES AND PROJECTS

| Implementation Plan (Schedule) | Title of the Activity* | Objective | Target Participants | Target Date | Proposed/Tentative Venue |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2021-2022 | 1. Ika-30 Pambansang Kumperensiya (Economic History of the Philippines) | Provide discussions on the economic history of the Philippines, its development, and the contribution of Filipino livelihood to it through the years. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 23, 30 October 2021<br>6 November 2021 | Online (via Zoom) |
| | 2. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 2022 | Online (via Zoom) |
| | 3. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the different roles of Filipina women during the Japanese Occupation. | UP Students | 8 April 2022 | Online (via Zoom) |
| UPD A.Y. 2022-2023 | 1. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the history of historical distortion in Philippine films. | UP Students | 26 August 2022 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 2. Ika-31 Pambansang Kumperensiya (Philippine Urban History) | Provide discussions on Philippine urban history and discuss the ramifications it has had to our present context. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 22, 29 October, 5 November 2022 | Online (via Zoom) /<br>NISMED Auditorium, UP Diliman |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, NCR | March 2023 | Online (via Zoom) / PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2023-2024 | 1. Ika-32 Pambansang Kumperensiya (Legacy and Challenges of Philippine Nationalism) | Provide wider knowledge and understanding towards the history of nationalism in the country and its present realities in the 21st century | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | 19-20 October 2023 | NISMED Auditorium, UP Diliman |
| | 2. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a different but effective method in teaching history to UP Students | UP Students | 26 April 2024 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| | 3. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior and Senior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students and Senior High School Students, Luzon | 11 May 2024 | PH 400, Palma Hall, UP Diliman |
| UPD A.Y. 2024-2025 | 1. Ika-33 Pambansang Kumperensiya (History of Diaspora) | Provide discussions on Philippine historiography, and the various concepts and methods that have developed in the discipline | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | November 2024 | Online (via Zoom) / Statistics Auditorium, UP Diliman |
| | 2. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history | Junior High School Students, NCR | March 30, 2025 | UP Integrated School, UP Diliman |
| | 3. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on the history of women's suffrage to UP Students. | UP Students | April 30, 2025 | Student Union Building, UP Diliman |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| UPD A.Y. 2025-2026 | 1. Ika-34 Pambansang Kumperensiya (Philippine Legal History) | Provide discussions on Philippine legal history, and the various concepts and methods that have developed in the discipline. | Junior and Senior High School Students, College Students, Teachers, Historians | November 2025 | Statistics Auditorium, UP Diliman |
| | 2. KAKASA KA BA? | Provide a platform for Junior High School Students to show their skill and knowledge regarding history. | Junior High School Students, NCR | March 2026 | UP Diliman |
| | 3. Alternative Classroom Learning Experience | Provide a discussion on a specific theme or event in history to UP Students. | UP Students | April 2026 | UP Diliman |

**ANNEX 4**

**TRAINING PROGRAM PROPOSAL TEMPLATE**

**(Proponent: U.P. Lipunang Pangkasaysayan)**

Title of the Training: *Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino (Tarong: Law and Justice in Filipino History)*

Proposed Date and Venue:
November 10-11, 2025 ; UP Statistics Auditorium

Rationale and General Description of the Activity:
This 2025, U.P. Lipunang Pangkasaysayan will hold its 34th National Conference of History Students. Throughout the years, the Committee on Education and Research has continually made the event an achievement and served as a venue for all undergraduate history students from all over the country to gather.

This year, U.P. LIKAS's 34th National Conference is entitled ***"Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino"*** and will be held on the 10th-11th of November 2025 at the UP STATISTICS AUDITORIUM, University of the Philippines-Diliman, Quezon City, 8:00 AM – 5:00 PM.

The theme of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding towards the history of the legal systems in the country and the development of the concept of justice. The 2-day conference will discuss the legal history of the Philippines, from its beginnings to the present, and how the understanding of justice as well as the legal systems in the country changed during the different periods.

Specific Objectives of the Activity:

The conference aims to:

a) Use lenses from history, culture, politics, philosophy, and public administration to understand legal history in the Filipino context.
b) Produce discussions regarding the role of different sectors in honing the current Philippine legal systems.
c) Provide a deeper analysis on the history of the Philippine constitutions and their impacts in Philippine society.
d) Reflect on the current state of legal systems in the Philippines, including its challenges, processes, and dynamics in the present day.

Target Participants: College students, High school students, High school teachers, College professors, Researchers, History students, Legal experts and those with interest in law

No. of Expected Participants: 250-350 participants
No. of Classes to be Organized: 17 sessions
Funding Source: UPD OICA Grant and Organizational Fund
Registration Fee: Php 750 for 2-day attendance, Php 650 pesos for 1-day attendance

**Key Content and Methodologies:**

| Title of the Session/Context | Objective | Key Learning Points | Methodology | Duration | Resource Person |
|---|---|---|---|---|---|
| Ang Ugnayan ng Kasaysayan at Batas ng Pilipinas | Aims to discuss the link between history and the development of laws in the Philippines. | Learn how to scrutinize the development of justice throughout Philippine history. | Lecture | 60 minutes | Dean Myra Angeli Gallardo-Batungbakal |
| The Punishment of Crime in the Philippines, 16 to 19th Century | Aims to discuss the systems of crime and punishment during the Spanish colonial period, particularly in the context of the sixteenth century to the nineteenth century Philippines. | Learn about the history and specifics of crime and punishment during the colonial Philippines. | Lecture | 30 minutes | Prof. Aaron Mallari |
| Prosecuting the "Criminals": "Undesirable" Chinese and Court System in the Nineteenth-century Philippines | Aims to historicize the experience of Chinese people in the Philippines in the face of crime, punishment, and discrimination. | Learn about the court system in the nineteenth century Philippines and how it treated the Chinese residing in the country. | Lecture | 30 minutes | Prof. Jely Galang |
| On American Colonial Laws | Aims to shed light on the different laws implemented in the Philippines under the American colonizers and its effects in Philippine society. | Learn about the different laws implemented and put forth during the American colonial period. | Lecture | 30 minutes | Dean Severo Madrona Jr. |
| On Women Collaborators during WW2 | Aims to explore the concept of collaboration and introduce the Filipino women who decided to collaborate | Learn how and why the Filipino women collaborated with the Japanese during World | Lecture | 30 minutes | Prof. Ma. Florina Orillos-Juan |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | during the Japanese colonial period. | War 2. | | | |
| The Dynamics of Constitution-Making: The 1971 Constitutional Convention | Aims to discuss the process of drafting constitutions with the 1971 constitution as a case study. | Learn how and why the Philippine constitutions were created in their respective contexts. | Lecture | 30 minutes | Mr. Wogie Pacala |
| The Power of Impeachment in the Chronology of the 1987 Philippine Constitution | Aims to highlight the importance of the impeachment process in the 1987 constitution. | Learn about the beginnings of the impeachment process. | Lecture | 30 minutes | Prof. Jean Encinas-Franco |
| On Constitutional History OR Philippine Commitment to International Justice | Aims to discuss the history of the Philippine constitutions. | Learn about the history of the Philippine constitution and the country's perceptions on justice. | Lecture | 30 minutes | Prof. Raul Pangalanan |
| On the Historical Evolution of Muslim Laws | Aims to shed light on the broader history of Muslim laws in the Philippines. | Learn about the complex developments of Muslim laws as well as their current state. | Lecture | 30 minutes | Prof. Ayshia Kunting |
| Constitutional Rights, Crimes and Cruelty: The Filipino Woman in Selected Laws and Jurisprudence from the Third Republic to the Present | Aims to assess the role of Filipino women in the selected laws starting from the Third Republic. | Learn how the different laws considered the Filipino women in terms of their rights embedded in the constitution. | Lecture | 30 minutes | Prof. Valerie May Cruz-Claudio |
| On Comfort Women during World War 2 | Aims to introduce the Filipino comfort women who suffered under the Japanese forces in the 1940s. | Learn about the experiences of the Filipino comfort women during the Japanese colonial period. | Lecture | 30 minutes | Prof. Ma. Rita Lourdes-Alfaro |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| Legal Codification of Family-Related Filipino Proverbs (Salawikain) in the Civil Code of the Philippines, 1947-1949 | Aims to provide an introduction on the Civil Code of the Philippines. | Learn how Filipino proverbs were an integral part of the Civil Code of the Philippines. | Lecture | 30 minutes | Prof. Lorenz Timothy Barco Ranera |
| Examining Killings under the Marcos Dictatorship: Case Studies from Samar | Aims to historicize the Martial Law atrocities in the locality of Samar. | Learn about the specific experiences of Samar during the Martial Law period. | Lecture | 30 minutes | Prof. Aaron Viernes |
| Navigating the Signs of the Times: The Beginnings of Prophetic Visions and Landscapes of Resistance among Progressive Christian Human Rights Defenders against the Marcos Dictatorship (1974-1977) | Aims to historicize the experiences of Christian human rights defenders during the Martial Law period. | Learn about the forms of resistance that Christian human rights defenders explored during the Marcos Sr. dictatorship. | Lecture | 30 minutes | Mr. Jess Immanuel Espina |
| Surviving Obscurity – An Inquiry on the Malisbong Massacre | Aims to provide an introduction to the Malisbong Massacre. | Learn about the history of the massacre and its effects on the Muslim community. | Lecture | 30 minutes | Mr. Lorenzo Jose Martinez |
| Deciphering Duterte's Foreign Policy on the South China Sea | Aims to explain the foreign policies of the Duterte administration on the South China Sea. | Learn about the specificities of the South China Sea policy and its connection to the country's foreign relations with China. | Lecture | 30 minutes | Prof. Jay Batongbacal |
| United Nations Partition Plan for Palestine (1947) which established the State of Israel | Aims to analyze how the United Nations approached the Palestine-Israel conflict. | Learn about the history of the Palestine-Israel conflict. | Lecture | 30 minutes | Hon. Marciano de Borja |

Management Structure:

| Role | Name | Terms of Reference |
|---|---|---|
| Program Manager | John Immanuel Advincula | Tagapangulo |
| Training Manager | Kyla Evangelista | Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik |
| Class Manager | Audrey Zazel Espeso | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas |
| Logistics Officer | Natashia Alex Pujalte | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan |
| Finance Officer | Josef Derick Zaulda | Direktor sa Pananalapi at Lohistika |
| Welfare Officer | Risven Allen Dela Paz | Direktor sa Pangkasapiang Usapin |
| Quality Assurance Officer | Sheila Mae Viñas | Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob |
| Documenters | Patricia Mae Fernandez | Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan / Direktor sa Publikasyon at Pamamahayag |
| Secretariat/Administrative Support | Audrey Zazel Espeso | Kalihim para sa Usaping Panlabas |

**Resource Package:**

a. Trainers' Kit: Souvenir program, ID, Certificate
b. Training Materials: Notepad, pen
c. Readings for Participants: N/A
d. Other support materials

Note: This should be enclosed per activity

OFFICE OF STUDENT PROJECTS AND ACTIVITIES
University of the Philippines Diliman
3F Student Union Building
UP Diliman, Quezon City
Directline: 8981 8671, 8981 8672
Email: ospa.upd@up.edu.ph.

# Certificate of Registration

This certifies that

## Lipunang Pangkasaysayan

has been accredited as a **University Registered Organization** by the Office of Student Projects and Activities (OSPA), University of the Philippines Diliman, for the Academic Year 2024-2025 and is granted permission to:

- Use, attach, or annex the name of the University (University of the Philippines, U.P.) to the name of the organization;
- Conduct activities;
- Request to use any University or College facilities;
- Apply for project grants;
- Apply for a tambayan;
- Partner with any UP unit; and
- Participate in activities led by University units.

This is subject to the following conditions:

1. This certificate of registration is valid only for the AY/Semester indicated above and until the end of the student organization registration period for the 1st Semester of AY 2025-2026.
2. Entitlement to all privileges accorded to registered organizations is subject to the rules and guidelines set for such privileges.
3. Changes in the list of officers, members, faculty advisers, or the Constitution and By-laws must be reported to the OSPA immediately.
4. All activities of the organization must be approved and endorsed by its faculty adviser.

Certified:

**PROF. JAYAR M. IGNO**
Coordinator, OSPA

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon


**Ika-34 Pambansang Kumperensiya ng UP Lipunang Pangkasaysayan**
**Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino**
**Ika-10 at 11 ng Nobyembre 2025 | UP School of Statistics Auditorium**

## KONSEPTONG PAPEL

Bilang pinakamatandang organisasyong pangkasaysayan sa Unibersidad ng Pilipinas, layon ng **UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)** ang pagsusulong ng isang kritikal at mas makabuluhang pag-aaral ng kasaysayan. Isa sa mga pangunahing aktibidad ng organisasyon ang taunang Pambansang Kumperensiya ng mga Mag-aaral ng Kasaysayan na naglalayong tipunin ang mga historyador at mag-aaral ng kasaysayan sa dalawang araw na akademikong talakayan at palihan. Noong nakaraang taon, matagumpay na nailunsad ang Pambansang Kumperensiya na may temang *"Halin: Pagsasakaysayan ng Diaspora at Pandarayuhang Pilipino"* kung saan itinampok ang mga karanasang diaspora ng mga Pilipinong mandaragat, expatriate, at manggagawa mula sa panahong prekolonyal hanggang sa kasalukuyan.

Ngayong taon, inihahandog ng UP LIKAS ang **ika-34 Pambansang Kumperensiya** na pinamagatang **Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino**. Ang *tarong* ay ang salitang ugat ng katarungan mula sa wikang Bisaya. Sa kasalukuyan, patuloy ang paglaganap ng inhustisya sa Pilipinas. Nananatiling maka-isang panig ang hustisya mula sa mabilisang paghatol sa mga ordinaryong mamamayan hanggang sa pilit na pag-aantala ng mga kaso ng mga makapangyarihan gaya na lang ng impeachment ni Bise Presidente Sara Duterte. Kaya naman sisikapin ng kumperensiyang ito na suriin ang kasaysayang legal ng Pilipinas para maunawaan ang kasalukuyang kalagayan ng sistema ng hustisya ng bansa. Para makamit ito, babagtasin ng tema ang mga salik na humuhubog sa sistemang legal ng bansa gaya ng mga batas, konstitusyon, institusyong legal, kapangyarihan, mga awtoridad, at politika.

Sa dalawang araw ng kumperensiya, hahatiin sa pang-umaga at panghapon ang bawat sesyon kada araw. Sa umagang sesyon ng unang araw, babalangkasin ang kasaysayang legal ng Pilipinas magmula noong prekolonyal hanggang sa panahon ng mga mananakop. Hihimayin ang paksang ito sa panghapon na sesyon kung saan tatalakayin ang malawak na epekto ng kolonyal na paghahari ng Espanyol at Amerikano sa pagtatag at pagsulong ng mga legal na institusyon sa bansa. Kasunod nito, bibigyang pansin din ang mga mekanismo sa paggawa ng konstitusyon, gayundin ang papel at ambag nito sa mas malawak na dinamiko at sistemang legal ng Pilipinas.

Sa umagang sesyon ng ikalawang araw, tatalakayin ang mas malawak na kasaysayan ng konstitusyon ng Pilipinas mula sa mga naging hamon, mga proseso, hanggang sa dinamiko ng paggawa ng batas at pangangasiwa ng hustisya upang mas maunawaan ang kasalukuyang estado ng legal na sistema ng bansa. Sunod naman ay itatampok ang iba't ibang sektoral na grupo gaya ng kababaihan at iba pang minoridad na primaryang pupuntuhin ang kanilang legal na representasyon, o kawalan nito, sa bansa. Para lalong maunawaan ang bigat ng papel ng batas at hustisya sa buhay ng mga Pilipino, magkakaroon din ng sesyon ukol sa karapatang pantao. Tatalakayin dito ang ilang mga naging kaso sa paglabag ng karapatang pantao sa kontemporaryong kasaysayan ng Pilipinas, gayundin ang mga naging karanasan ng mga biktima sa kanilang paghingi ng hustisya. At para sa huling sesyon sa hapon, pag-uusapan ang ilan sa mga mahahalagang pangyayari sa sistemang legal ng Pilipinas sa internasyonal na larangan gaya na lang ng isyu ukol sa West Philippine Sea at sa pagboto ng Pilipinas sa pagtatag ng Israel bilang estado. Bukod sa pagsasakasaysayan ng sistemang legal ng Pilipinas, ninais ng kumperensiyang ito na mapalitaw ang iba pang mga salik na nakakaapekto sa pagproseso ng hustisya tulad na lang ng sistemang padrino at pagsasabwatan ng mga naghaharing-uri.

Sa gayon, magsisilbing espasyo ang Pambansang Kumperensiya para magsama-sama ang mga dalubhasa na ilahad ang kanilang pananaliksik kaugnay sa paksa ng kasaysayan ng pangangasiwa ng hustisya sa Pilipinas. Layunin ng organisasyon na higit na makintal ang kamalayang pangkasaysayan ng mga delagadong mag-aaral, guro, at mga may hilig sa kasaysayan kaya naman titiyakin ang kalidad ng diskusyon sa bawat sandali ng kumperensiya. Panghuli, nais ng organisasyon na higit mahikayat ang mga tao na mag-aral ng kasaysayan ng sistemang legal at hudikatura nang masangkapan ang bawat isa ng kaalaman para labanan ang anumang porma ng banta sa pagkamit ng makatarungang hustisya.

# UP LIPUNANG PANGKASAYSAYAN

Bulwagang Palma, Kolehiyo ng Agham Panlipunan at Pilosopiya, Unibersidad ng Pilipinas Diliman, Lungsod Quezon


**PAMUNUAN**
*Taong Akademiko 2025-2026*

**KALIHIMAN**

JOHN IMMANUEL ADVINCULA
Tagapangulo

SHEILA MAE VIÑAS
Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panloob

AUDREY ZAZEL ESPESO
Pangalawang Tagapangulo para sa Usaping Panlabas

NATASHIA ALEX PUJALTE
Direktor sa Dokumentasyon at Aklatan

KYLA EVANGELISTA
Direktor sa Edukasyon at Pananaliksik

JOSEF DERICK ZAULDA
Direktor sa Pananalapi at Lohistika

RISVEN ALLEN DELA PAZ
Direktor ng Pangkasapiang Usapin

PATRICIA MAE FERNANDEZ
Direktor ng Pamamahayag at Publikasyon

JANET REGUINDIN-ESTELLA, PHD
KERBY ALVAREZ, PHD
Mga Gurong Tagapayo



**Contact Us:**

EMAIL: uplikas@gmail.com
FACEBOOK: UP Likas
TWITTER: @uplikas
CONTACT NUMBER: +639264105004


September 4, 2025

Greetings!

**UP Lipunang Pangkasaysayan (UP LIKAS)** is an academic organization of students in the University of the Philippines Diliman that promotes a critical and more relevant study of history as well as awareness of Filipino culture and society through different activities. One of the major endeavors of our organization is the annual National Conference of History Students. Last year, UP LIKAS successfully held its conference entitled ***Halin: Pagsasakasaysayan ng Diaspora at Pandarayuhang Pilipino.*** The conference discussed the concept of diaspora throughout Philippine history, from the period of antiquity until the present day. The two-day conference discussed topics that covered the history of Filipino migrants, seafarers, expatriates, exiles, and workers, and how their plight contributes to the development of Filipino nationalism and heritage.

This year, UP LIKAS will be holding its **34th National Conference** entitled ***"Tarong: Batas at Hustisya sa Kasaysayang Pilipino"*** and will be held on the **10th to 11th of November 2025 at the UP School of Statistics Auditorium, University of the Philippines Diliman, Quezon City, 8:00 AM – 5:00 PM.** The theme of this year's conference is to provide wider knowledge and understanding towards the history of the legal systems in the country and the development of the concept of justice. The 2-day conference will discuss the legal history of the Philippines, from its beginnings to the present, and how the understanding of justice as well as the legal systems in the country changed during the different periods.

In this regard, **we humbly invite your office to take part in our activity** wherein we aspire to gather over three hundred high school students and social studies teachers all over the country. We would also like to seek support from your office in conducting this activity through the issuance of a **DepEd accreditation** and **regional memorandums**. If possible, we would also like to request, **for the benefit of the teachers and students** who are interested in this conference, **that their expenses be placed under the schools' respective training and development fees.** With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history. We are expecting around three hundred delegates in this year's conference.

The **registration fee** for the 2-day conference is **750 pesos.** Attached to this e-mail is a formal letter of request for endorsement and the release of an advisory, as well as all other necessary supporting documents referring to the event. Should you have any inquiries, you may contact the undersigned through e-mail at **uplikas@gmail.com** and we will gladly discuss these matters with you personally.

With your support, we could achieve our vision of promoting critical thinking in the field of history by collaborating with your advocacy.

We look forward to your most affirmative response **no later than October 3, 2025.** Thank you very much!

Respectfully,

**Audrey Zazel Espeso**
Vice President for External Affairs
09453724494

**John Immanuel Advincula**
President
09264105004

Noted by:

**Asst. Prof. Janet S. Reguindin-Estella, PhD**
Faculty Adviser

"Tungo sa isang *kritikal* at *mas makabuluhang* pag-aaral ng *kasaysayan*"